# Manirahan sa Ontario

Lahat ng bagay na kailangan ninyong malaman tungkol sa paglipat at pagtira sa Ontario.

## Sa pahinang ito


1. Open a bank account (Magbukas ng bank account)
2. Find housing (Maghanap ng pabahay)
3. Learn English and French (Matuto ng Ingles at Pranses)
4. Find a job (Maghanap ng trabaho)
5. Enrol your children in school (Ipatala sa paaralan ang inyong mga anak)
6. Find child care (Maghanap ng pangangalaga sa bata)
7. Get health care (Kumuha ng pangangalaga sa kalusugan)
8. Get a driver's licence (Kumuha ng lisensya sa pagmamaneho)
9. Transportation (Transportasyon)
10. Who to call during an emergency (Sino ang tatawagan sa panahon ng emerhensya)


---

## Magbukas ng bank account

Ang isang bank account ay mas nagpapadali sa pangangasiwa ng inyong pera at naitatabi ito nang ligtas.

Maaari kayong magbukas ng isang bank account kahit na wala kayong address, trabaho, o pera na ilalagay kaagad sa account.

Para makapagbukas ng isang account:

1. maghanap ng **kahit dalawang piraso ng** acceptable, original identification o katanggap-tanggap na orihinal na ID (**hindi tatanggap ang bangko ng mga xerox o photocopies**)
2. pumili ng bangko
3. pumunta nang personal sa bangko
4. sabihin sa kanila na gusto ninyong magbukas ng isang account

Kapag nabuksan na ang account, **tiyakin na humingi ng isang check book**. Maaaring kakailanganin ninyo ito sa kalaunan para maglagay ng deposito sa isang bahay o magbayad ng upa.

Alamin ang higit pa:

- how to open a bank account (paano magbukas ng isang bank account)

- your rights and responsibilities when dealing with banks (ang inyong mga karapatan at mga responsibilidad kapag nakikipag-deal sa mga bangko)

---

# Maghanap ng pabahay

Maaari kang pumili na mangupahan, bumili ng bahay o maghanap ng pang-emerhensya na pabahay hanggang makahahanap kayo ng mas permanenteng lugar na titirhan.

## Pang-emerhensya na pabahay

Kung nangangailangan kayo ng tulong sa paghahanap ng pang-emerhensya na pabahay, bumisita sa alinman sa:

1. Settlement.org
2. Housing Help Association of Ontario (Samahan ng Tulong sa Pabahay sa Ontario, o sa pamamagitan ng:
    - telepono: 905-526-8100
    - email

## Pangungupahan

May maraming lugar na maaaring hanapin para sa pangungupahan ng bahay sa Ontario, kabilang ang:

- paghahanap sa Internet at mga classified section ng mga publikasyon sa mga paupahang bahay
- makipag-usap sa isang ahente ng real estate
- magtingin-tingin sa mga bulletin board, sa mga grocery store, mga aklatan, mga laundromat, mga klinika ng kalusugan, mga thrift store, mga center ng pamayanan, mga service club o mga tanggapan ng real estate
- makipag-usap sa mga kamag-anak o mga katrabaho

Kung pipiliin ninyong mangupahan, kailangan ninyong:

1. punan ang isang form ng aplikasyon sa pangungupahan at isumite ito sa landlord
2. pirmahan ang isang kasunduan sa lease, na isang legal na kasunduan sa pagitan ninyong dalawa ng landlord na kinabibilangan ng kung magkano ang inyong upa at ang inyong mga karapatan at responsibilidad
3. magbigay ng deposito, karaniwan sa uri ng isang tseke o money order, na sumasaklaw sa upa ng una at huling buwan
4. bayaran sa hustong panahon ang inyong buwanang upa sa landlord (karaniwang sa uri ng isang tseke)

Alamin ang higit pa tungkol sa:

- renting your first home in Canada (pangungupahan sa inyong unang bahay sa Canada) (PDF)
- how much it costs to rent an apartment in Ontario (magkano ang magagasta sa pangungupahan sa isang apartment sa Ontario)
- your rights as a tenant in Ontario (ang inyong mga karapatan bilang isang nangungupahan sa Ontario)

### Pagbili

Sa Canada, ang pagbili ng bahay ay kontrolado ng Canada Mortgage and Housing Corporation (Korporasyon ng Mortgage at Pabahay sa Canada).

Kung pipiliin ninyong bumili ng isang bahay, kailangang kayo ay **alinman sa**:

- magbayad ng buong halaga sa bahay, kabilang ang lahat ng bayarin at mga buwis
- mag-loan mula sa bangko para bayaran ang bahay **at** may sapat na pera para sakupin ang:
    - down payment sa bahay
    - lahat ng bayad at mga buwis

Alamin ang higit pa tungkol sa:

- home-buying in Canada (pagbili ng bahay sa Canada)
- what to know before buying a home in Ontario (ano ang dapat malaman bago bumili ng bahay sa Ontario)

---

## Matuto ng Ingles at Pranses

Mayroong bilang ng mga programa na mapapakinabangan para makatulong sa inyo sa pag-test or improve your English and French language skills (subukan o pahusayin ang inyong mga kakayahan sa wikang Ingles at Pranses bago at pagkatapos ninyong lumipat sa Ontario.

---

## Maghanap ng trabaho

Mayroong maraming mga programa na tinutustusan ng pamahalaan, mga sentro ng komunidad at settlement agencies (mga ahensya ng paninirahan) na makatutulong sa inyo na:

- maghanap ng trabaho
- pagandahin ang inyong resume at mga skill sa pag-interbyu
- magkamit ng karanasan at mga kakayahan sa Canada na kailangan ninyo para magtagumpay

Alamin ang higit pa tungkol sa jobs and employment in Ontario (mga trabaho at pangengempleo sa Ontario).

---

# Ipatala sa paaralan ang inyong mga anak

Sa Ontario:

- **ang lahat ng bata sa pagitan ng edad na 6-18 ay kailangang pumasok sa paaralan** (alinman sa tinutustusan ng publiko, pribado o home school)
- ang karamihan sa mga bata ay maaaring dumalo sa isang paaralan ng tinutustusan ng publiko nang walang bayad anuman ang kanilang estado sa imigrasyon o ang estado ng kanilang mga magulang (makipag-ugnayan sa inyong lokal na school board para sa mas partikular na impormasyon)
- ang mga pribadong paaralan ay sumisingil ng bayad o matrikula para sa pagpasok

## Mga paaralang pampubliko

Ang sistema ng edukasyon na tinutustusan ng pamahalaan ay hinahati sa tatlong yugto:

1. **Paaralang elementarya**
   - mapagpipiliang Ingles, Pranses at / o edukasyong Katoliko
   - karaniwang nagsisimula sa kindergarten at natatapos sa Grade 8
   - ang mga estudyante ay:
     - matututo at makauunawa sa mga pundasyon ng pagbasa, pagsulat at matematika
2. **Paaralang sekondarya**
   - mapagpipiliang Ingles, Pranses at / o edukasyong Katoliko
   - karaniwang nagsisimula sa Grade 9 at natatapos sa Grade 12
   - ang mga estudyante ay:
     - tumutuon sa kanilang mga interes at naghahanda para sa pagtatapos at lampas pa
3. **Paaralan pagkatapos ng sekondarya**
   - para sa mga estudyante sa kolehiyo, unibersidad at post-graduate sa lahat ng edad
   - kayo ay **kailangang magbayad para sa inyong matrikula at mga aklat** ngunit maaari kayong mag-aplay for grants and loans to help you pay for university or college (mag-aplay para sa mga grant at loan para makatulong sa inyo sa pamamagitan ng Ontario Student Assistance Program (OSAP) o Programa sa Tulong sa Estudyante sa Ontario

Alamin ang higit pa tungkol sa:

- how to enrol your child in school (paano ipatala sa paaralan ang inyong anak )

- find elementary and secondary schools in your community (maghanap ng mga paaralang elementarya at sekondarya sa inyong pamayanan)
- full-day kindergarten for children aged 4 and 5 (buong araw na kindergarten para sa mga batang edad 4 at 5)
- key dates in the school year, including holidays (mahahalagang mga petsa sa taon ng panuruan, kabilang ang mga holiday) (para sa mga paaralang elementarya at sekondarya)
- going to college or university in Ontario (pagpasok sa kolehiyo o unibersidad sa Ontario)

### Mga pribadong paaralan

**Ang pamahalaan ay hindi nagbabayad para sa pribadong pag-aaral.** Kailangang magbayad kayo nang sarili para diyan.

Alamin ang higit pa tungkol sa pribadong:

- elementary and secondary schools (mga paaralang elementarya at sekondarya)
- post-secondary schools (mga paaralan pagkatapos ng sekondarya)
- career colleges (mga kolehiyo sa karera)

Ang ilang pribadong kolehiyo sa karera ay aprubado para sa OSAP (tulong sa pagbabayad para sa paaralan). Find out if your school is approved (Alamin kung aprubado ang inyong paaralan.

---

## Maghanap ng child care o pangangalaga sa bata

Sa Ontario, mayroong 2 uri ng pangangalaga sa bata na makukuha ninyo:

1. Lisensyado – pinapasunod sa regulasyon ng pamahalaan
2. Hindi lisensyado – hindi pinapasunod sa regulasyon ng pamahalaan

Maaaring may mga talaan ng paghihintay para sa mga espasyo sa lisensyadong pangangalaga sa bata, kaya magsimulang maghanap sa lalong madaling panahon.

Find licensed childcare in your community (Maghanap ng lisensyadong pangangalaga sa bata sa inyong pamayanan)

Alamin ang higit pa tungkol sa:

- how to choose quality child care and questions to ask your child care provider (paano pumili ng de kalidad na pangangalaga sa bata at mga tanong na itatanong sa inyong provider ng pangangalaga sa bata)

- all of the types of child care available to you (lahat ng uri ng pangangalaga sa bata na makukuha)
- child care resources from Settlement.org (mga mapagkukunan ng impormasyon sa pangangalaga sa bata mula sa Settlement.org)

# Kumuha ng pangangalagang pangkalusugan

**Kung may isang emerhensya** at wala kayong isang OHIP card, **tumawag sa 911** sa inyong telepono **o magpunta sa pinakamalapit na ospital.**

Ang OHIP (Ontario Health Insurance Plan) ay isang plano sa pangangalaga ng kalusugan sa Ontario, Sa pamamagitan ng OHIP, ang probinsya ang magbabayad para sa marami sa mga serbisyong pangkalusugan na maaaring kailanganin ninyo.

Kailangan ninyong mag-aplay para sa health card ng Ontario na nagpapatunay na kayo ay sakop ng OHIP. Kailangang ipakita ninyo ang inyong health card bawat pagkakataon na makikipagkita kayo sa inyong doktor, bumisita sa isang emergency room, magpa-medical test o magpa-opera.

**Sa pangkalahatan, may tatlong buwan ng paghihintay para sa kasaklawan sa Ontario Health Insurance Plan (OHIP)**. Tiyakin na mayroon kayong pribadong insurance sa kalusugan para sakupin ang inyong mga pangangalaga sa kalusugan sa panahon ng yugto ng paghihintay**.**

Ang mga protektadong tao (Mga convention refugee at iba pa na nangangailangan ng proteksyon) ay hindi kasali sa tatlong buwan na yugto ng paghihintay.

Para mag-aplay:

1. kumuha ng form ng aplikasyon:
   - online
   - o mula sa inyong local Service Ontario OHIP Office ( lokal na tanggapan ng Serbisyo ng OHIP sa Ontario)
2. kolektahin ang lahat ng documents you need (dokumentong kailangan ninyo)
3. punan ang form at ihatid ito nang personal sa inyong local Service Ontario OHIP Office

Maaari kayong mag-aplay sa lalong madaling panahon kapag may mga dokumento na kayo na kailangan ninyo. Gayunpaman, hindi kayo makakukuha ng Health Card hanggang kwalipikado - matapos ang 3 buwan na yugto ng paghihintay.

Ang mga resettled refugee at ang iba pang resettled para sa makataong dahilan ay kwalipikado kaagad para sa kasaklawan sa OHIP pagkadating sa Ontario. Ang mga refugee claimant, mga protektadong tao, mga biktima ng pagkakalakal ng tao at ilang iba pang indibidwal na hindi kwalipikado sa OHIP ay tatanggap ng limitadong mga benepisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa ilalim ng Interim Federal Health Program (IFH) o Pansamantalang Programa sa Kalusugan ng Pederal.

Alamin ang higit pa tungkol sa:

- how to apply for an Ontario health card (paano mag-aplay para sa health card ng Ontario)
- what services are covered by OHIP (ano-anong mga serbisyo ang sinasaklaw ng OHIP)
- how to find a family doctor or nurse practitioner (paano maghanap ng isang doktor ng pamilya o isang nars)
- Mental Health Helpline (Helpline sa Kalusugan ng Isip)
- buying private health insurance for immigrants, newcomers and visitors(pagbili ng pribadong insurance sa kalusugan para sa mgg imigrante, mga bagong dating at mga bisita)
- Health benefits under the Interim Federal Health Program ((Mga banepisyo sa kalusugan sa ilalim ng Programa sa Pansamantalang Kalusugan sa Pederal) - https://www.canada.ca/en/immigration-refugees-citizenship/services/refugees/help-within-canada/health-care/interim-federal-health-program/services.html

### Kung wala kayong OHIP card

Kung wala kayong pribadong insurance ngunit kailangang makipagkita sa isang doktor bago matapos ang tatlong buwan na yugto ng paghihintay:

- Tawagan ang  911 kung ito ay isang emerhensya
- para sa mga hindi emerhensya, tumawag sa:
    - Telehealth sa 1-866-797-0000 para sa libre, medikal na payo sa telepono
    - inyong lokal na Community Health Centre (Sentrong Pangkalusugan ng Pamayanan), maaaring makakukuha kayo ng mga serbisyo sa kalusugan
    - a settlement agency (isang ahensya ng paninirahan) sa inyong pamayanan na makatutulong  sa inyo na maghanap ng mga serbisyo sa kalusugan
    - apply for Interim Federal Health Program coverage (mag-aplay para sa kasaklawan sa Programa sa Pansamantalang Kalusugan ng Pederal kung kayo ay isang refugee claimant o biktima ng pangangalakal ng tao) - https://www.canada.ca/en/immigration-refugees-citizenship/services/refugees/help-within-canada/health-care/interim-federal-health-program/apply.html
    - bumisita sa isang walk-in na klinika at magbayad nang direkta para sa mga serbisyo (hindi kayo mare-refund para sa mga serbisyong ito)

---

## Kumuha ng lisensya sa pagmamaneho

Kung **mayroon na kayong isang balidong lisensya sa pagmamaneho** mula sa ibang probinsya, estado o bansa, maaari ninyong gamitin ang lisensyang iyan sa loob ng 60 araw. Matapos ang 60 araw, kailangan ninyong lumipat sa lisensya sa pagmamaneho sa Ontario.

Apply to exchange an out-of-province licence (Mag-aplay para lumipat sa lisensya sa labas ng probinsya).

Kung **wala kayong lisensya sa pagmamaneho** ngunit gusto ninyong magmaneho sa probinsya, kailangang kayo ay di bababa sa 16 na taong gulang at may lisensya sa pamamaneho sa Ontario. Kapag makapasa kayo sa eksaminasyon sa mata at sa isang nakasulat na pagsusulit tungkol sa mga tuntunin sa daan, maaari kayong mag-aplay para sa:

- isang G na lisensya, kung nais ninyong magmaneho ng kotse, van at / o maliit na trak
- isang M class na lisensya, kung gusto ninyong sumakay sa isang motorsiklo, motor scooter at/o moped

Get a G driver's licence for new drivers (Kumuha ng isang G na lisensya ng drayber para sa mga bagong drayber.

Alamin ang higit pa tungkol sa:

- getting a motorcycle licence (pagkuha ng isang lisensya sa pagmamaneho)
- the Driver's Handbook, the guide to help you study for your written test (ang Handbook ng Drayber, ang gabay para makatulong sa inyo na mag-aral para sa nakasulat na pagsusulit)
- what happens if you are convicted of breaking driving laws (ano ang mangyayari kung kayo ay ma-convict sa paglabag sa mga batas sa pagmamaneho)

---

# Transportasyon

## Pampublikong transportasyon

Ang pampublikong transportasyon ay magagamit sa karamihang mga lungsod at rehiyon sa buong probinsya. Maaari kayong pumili para sa:

- lokal o rehiyonal na mga bus
- mga serbisyo sa transportasyon para sa mga taong may kapansanan
- mga tren
- pribadong mga coach bus
- mga streetcar at/o mga subway (sa Toronto)

Kailangan ninyong magbayad para sa karamihan sa pampublikong transportasyon sa probinsya. Ang presyo ng pamasahe ay maaaring iba-iba depende sa inyong edad, lokasyon at patutunguhan.

Alamin ang higit pa tungkol sa:

- transportation for seniors and people with short and long-term disabilities (transportasyon para sa mga senior at mga taong may pangmaikliing panahon at pangmatagalang panahon na mga kapansanan
- public transit in your city/region (pampublikong transit para sa inyong lungsod/rehiyon)
- GO Transit trains and buses (mga tren at bus ng Go Transit
- VIA rail trains and schedules (mga tren ng VIA rail at mga iskedyul

### Transportasyon ng paaralan

Contact your local school board (Makipag-ugnayan sa inyong lokal na school board kung kailangan ninyong isaayos ang transportasyon, papunta at pauwi mula sa paaralan, para sa inyong mga anak.

---

## Sino ang tatawagan sa panahon ng emerhensya

**Kung ito ay isang emerhensya, tumawag sa 911**.

Ang Ontario ay may sistema ng kahandaan sa emerhensya na nakahanda para alertuhan ang mga tao tungkol sa:

- mga bagyo sa taglamig
- mga bagyong may kulog
- pagkakasunog ng kagubatan
- mga buhawi
- mga pagbaha
- napakatinding init
- mga emerhensya sa nuclear
- biglaang pagdami ng kaganapan sa isang sakit (sudden increase of incidence og a certain disease)
- mga lindol

Mag-sign up para sa email at text alerts sa panahon ng emergency.

Alamin ang higit pa tungkol sa how to prepare for an emergency (paano maghanda para sa isang emegency).